Alberta



# Pagpapalakas at pagsuporta sa mga komunidad

Ika – 18 ng Enero, 2024

Ang pamahalaan ng Alberta ay naglunsad ng dalawang bagong programa ng grant upang suportahan ang mga inisyatibong pangpamayanan na may kinalaman sa pagkakaiba-iba, pagkakasama, at paglaban sa rasismo.

Noong Disyembre 2023, hinati ng pamahalaan ang programa ng pamahagi para sa Multikulturalismo at Laban-Rasismo sa dalawang programa, ang Etnokultural na Pamahaging programa at programang Pamahagi Laban-Rasismo. Ang paghahating ito ay sumunod sa payo mula sa Konsehong Tagapayo ng Alberta Laban-Rasismo at layuning mas mahusay na suportahan ang mga pagsisikap sa pagkakaiba-iba, pagkakasama, at multikulturalismo. Ang parehong programa ng tulong ay bukas ngayon para sa mga aplikasyon.

"Ang aming pamahalaan ay nangangako na magsulong ng isang lalawigang kasama ang lahat. Ang mga bagong programa ng pamahagi na ito ay tutulong na suportahan ang mga inisyatibo ng mga pamayanan sa Alberta, kabilang ang mga pangkat sa multikultural, Indigenous, at Métis, na nagdiriwang at nagbabahagi ng kanilang mga kontribusyon sa lalawigan at sa ating kolektibong kaunlaran, gayundin ang pagtugon sa mga isyung may kinalaman sa rasismo at diskriminasyon upang mapalawak ang isang lipunang mas mapagkalinga ang lahat," sabi ni Muhammad Yaseen, Ministro ng *Imigrasyon* at *Multikulturalismo*.

Dahil sa  patuloy na paglaki ng nagkakaibang populasyon ng Alberta, mahalagang itaguyod ng pamahalaan ang mga benepisyo at halaga ng multikulturalismo at mga koneksyon sa pagitan ng mga kultura sa mga pamayanan ng Alberta habang tinalakay ang mga isyung may kinalaman sa rasismo at diskriminasyon. Ang mga bagong programa ng grant ay tumutulong sa mga kwalipikadong samahan na lumikha ng mga programa na tumutugon sa mga isyu at pangangailangan ng kanilang mga pamayanan.

- Sinusuportahan ng programang Etnocultural na Pamahagi ang mga inisyatibo ng pamayanan na nagtataguyod sa iba't ibang kultura at pagkakasangkot sa kultura ng Alberta, kabilang na ang pagsuporta sa mga samahan ng katutubong komunidad sa pagdiriwang at pagbabahagi ng kanilang mayamang pamana sa kasaysayan.

- Ang programang Laban-Rasismo na Pamahagi ay idinisenyo upang dagdagan ang kabatiran sa rasismo, sa epekto nito at sa mga hamon na nakakaharap ng mga grupong pinalalangkap na lahi, at suportahan ang mga inisyatibong laban-rasismo.

**Mabilis na impormasyon**

- Ang badyet 2023 ay naglaan ng $8 milyon sa mahigit na tatlong taon para sa programang Etnocultural Grant at $1.5 milyon sa tatlong taon para sa programang Tulong Laban-Rasismo.

- Ang programang Etnocultural na Pamahagi ay may dalawang landas:
    - Ang Unang Landas (Stream 1) ay para sa mga proyekto na lumilikha ng mga pagkakataon para sa interkultural na mga koneksiyon sa etnikong mga grupo at mga katutubo (nagbibigay ng pondo ng hanggang $50,000).
    - Ang Unang Landas (Stream 2) ay para sa mga proyekto na lumilikha ng mga pagkakataon upang ipagdiwang ang pagkakaiba (nagbibigay ng pondo hanggang $15,000).
- Pinakikilos ng Laban-Rasismo Pamahagi ang dalawang landas na may tukoy na mga layunin sa programa:
    - Ang Unang Landas (Stream 1) ay para sa mga proyekto na nagtataguyod ng kabatiran sa rasismo at sa mga epekto ng rasismo na nakakaharap ng mga pangkat na katutubo at lahi. Ang mga proyekto na umaayon sa kahit isang resulta sa alinmang programa na ang layunin ay turuan ang mga taga-Alberta tungkol sa mga epekto ng rasismo o pangyarihin ang mga samahan ng pamayanan na paunlarin ang kanilang kakayahan na suportahan ang mga proyektong laban sa lahi ay karapat-dapat na makatanggap ng pondong maaaring umabot sa $5,000.
    - Sinusuportahan ng Pangalawang Landas (Stream 2) ang mga proyektong laban-rasismo ng samahan ng pamayanan. Ang mga proyekto na umaayon sa kahit isang resulta sa dalawang layuning programa na turuan ang mga taga-Alberta tungkol sa mga epekto ng rasismo o nagpapangyari sa mga samahan ng pamayanan na paunlarin ang kanilang kakayahan na suportahan ang mga proyektong laban-rasismo ay karapat-dapat sa $10,000 sa pagtustos ng pondo.
- Noong 2022-23, ang programang Multikulturalismo at Laban-Rasismo Pamahagi ay naglaan ng $3.63 milyon sa 130 samahang- pamayanan para higit na maunawaan ang mga bagay na may kaugnayan sa kultura at makatulong para maiwasan at tugunan ang rasismo.

**Nauugnay na impormasyon**

- Pamahagi Laban-Rasismo
- Pamahagi para Etnokultural

**Mga tanong sa midya**
Michael Kwas
Michael.kwas@gov.ab.ca
780-264-5368
Tagasalita ng Pahayagan, Imigrasyon at Multikulturalismo